

News

2017
Tagalog**No.87**

Magasin ng Multilingwal na Impormasyon

NILALAMAN

- P.1 Huling Araw o Oras ng Pagbabayad ng Buwis, Oras ng Tanggapan ng Buwis sa Araw ng Linggo
- P.2 Abiso sa Paglipat ng Tirahan
Aplikasyon para sa My Number Card (Pansariling Kard)
Ang kapitbahay bumabati~Mr. Juan Nakada~
- P.3 Impormasyon para sa mga Okasyon: Pag-aaral at klase ng Nihonggo , Pista para sa batang lalaki, Pista ng Inuyama
- P.4 Paggamit ng opisyal na plastik bag sa Lungsod ng Inuyama ay para lamang sa pagpakete at pag-alis ng mga basurang nasusunog.
- P.5 Kaalaman para sa kaligtasan ng mga nagbibisekleta.
- P.6 Kung sakaling may biglaang sakit sa araw ng pulang kalendaryo. (Listahan ng mga Klinika sa Oras ng Pangangailangan)

1. Huling Araw ng Pagbabayad ng Buwis (Abril, 2017~Hunyo, 2017)

Subject Due Date	Property Tax City Planning Tax	City and Prefectural Residents Tax	Yellow-Plate Vehicle Tax	National Health Insurance Tax	Nursing Care Insurance Tax
May 1st	1 st installment Annual payment				1 st Installment
May 31st			Annual payment		2 nd Installment
June 30th		1 st installment Annual payment		1 st Installment	3 rd Installment

Mangyaring sundin ang takdang Petsa!

2. Pagbabayad sa pamamagitan ng pagtatransfer sa Account

Ang pagbabayad ng buwis ay maaari ring gamit ang pagtatransfer sa account.
Mangyaring makiusap at gawin ito sa inyong bangko.



- ▼ Kinakailangang bagay: Bankbook, Selyo ng inyong Account sa bangko, Abiso ng Buwis
Para sa karagdagang impormasyon, Kontakin ang sangay ng pangongolekta ng buwis sa loob ng Munisipyo

3. Pagbabayad ng Buwis sa Araw ng Linggo

Ito ay bukas para sa pagbabayad ng buwis ng Lungsod, pagkonsulta ukol sa pagbabayad ng buwis, at serbisyo ng pagbibigay ng sertipiko.
Mangyaring gumawa ng kasunduan sa Sangay ng Pangongolekta ng Buwis kung nais niyong magbayad sa Araw ng pulang kalendaryo.

- ▼ Lugar: Kounter ng Sangay ng Pagbabayad ng Buwis, Unang palapag ng Munisipyo.
▼ Mga araw na bukas at oras: 9 ng umaga hanggang 12 ng tanghali sa ika-9 at 23 ng Abril, ika-14 at 28 ng Mayo, at ika-11 at 25 ng Hunyo.

Abiso sa anumang pagbabago sa inyong tirahan

Move in	Ipasa ang inyong rehistrasyon sa loob ng 14 na araw pagtapos lumipat
Relocation	
Move out	2 linggo bago ang araw ng paglipat

★Kung ikaw ay lilipat, kinakailangang magparehistro ka ulit ng iyong bagong tirahan sa loob ng Munisipyo. * Ang kinatawan ay maaring ilipat ang mga detalyeng ito sa ngalan ng nagpaparehistro na may kasamang kasulatan mula sa kapangyarihan ng abugado. Mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye
 * Kailangan ring magbago ang My Number Card (Pansariling Kard) o Basic Resident Registration Card kapag ikaw ay nagbago ng tirahan. Ikaw ay dapat bumisita sa Sangay ng Mamamayan sa loob ng 90 araw ng iyong paglipat

<Kinakailangang Dokumento>

① I.D (Residence Card, Special Permanent Resident Certificate.)	Ipasa sa Sangay ng Mamamayan o Sangay ng Lokal na Tanggapan
② Sertipiko ng Pagbabago ng Tirahan (Kung ikaw ay lilipat ng tirahan)	
③ Kard ng Abiso	
④ My Number Card (Kung ikaw ay meron)	

- ★Ang aming abiso kinakailangan rin kung ikaw ay ninarahan mula sa labas ng Japan o lumipat mula sa bansang Japan (mangyaring mag abiso muna sa Munisipyo)
 ★Sundin ang kinakailangang pamamaraan para sa Pambansang Pagseseguro ng Kalusugan, Pagseseguro ng Pag aalaga at anumang rasyon, atbp. Mangyaring kontakin ang bawat Seksyon para sa karagdagang impormasyon
 * Dahil sa matrabahong panahon mula sa kalagitnaan ng Marso hanggang sa simula ng Abril sa araw na may pasok, asahan ang mahabang oras para sa paglakad
 * Ang tanggapan ay mananatiling bukas hanggang alas-7 ng gabi sa Una at Pangatlong Martes kada buwan


Aplikasyon para sa My Number Card (Pansariling Kard)

- ★Kung ikaw ay umaasa na mapalitan ang iyong tirahan, ang aplikasyon ay dapat maipasa pagtapos mong makalipat.
 ★Ang My Number Card ay makukuha isang buwan pagkatapos na matanggap ang iyong aplikasyon
 ★**Tandaan** Ang My Number Card ay hindi ibibigay kapag ang panahon ng inyong pananatili ay lumipas sa panahon ng pagpoproseso ng inyong aplikasyon
 * Kapag ang panahon ng inyong pamamalagi ay nadagdagan, mangyaring bisitahin ang Sangay ng Mamamayan bago mawalang-bisa ang inyong My Number Card

▼Kontakin ang Tanggapan ng Aplikasyon para sa karagdagang impormasyon; Sangay ng Mamamayan sa loob ng Munisipyo

☎ (0568)44-0303

Ang kapitbahay bumabati

Mr. Juan Nakada

Nais naming ipakilala si Mr. Juan Nakada, na naninirahan sa Oiwake, Inuyama. Ipinanganak siya sa Ashikaga, Tochigi at lumipat sa Inuyama noong siya ay 4 na taon gulang. Ang kanyang mga magulang ay ikatlong henerasyon ng mga Hapones-Perubyan at dahil ito, ang kanyang nasyonalidad ay Perubyan. Nag-aral siya sa Gakuden Elementary School at Nanbu Junior High School. Siya ay nagtapos sa Inuyama Minami High School. Noong siya ay estudyante sa Junior High School,

siya ay nakaranas ng insidente sa isang nasusunog na eksena. “Simula nang masaksihan ko ang mga bumbero na nagliligtas, nakaramdam ako ng matinding paghanga para sa kanila at napagdesisyunan kong maging isang bumbero.” Wika niya. Pagtapos sa High School, naag-aral siya sa isang paaralang propesyunal sa Nagoya para maging isang bumbero. Gayunman, hindi nagging madali para sa kanya na abutin ang kanyang pangarap sa Japan, bilang may ilang lokal na gobyerno na hindi tumatanggap ng di pambansang mamamayan. Tinulungan siya ng kanyang ama na magsaliksik at nalaman na ang Lungsod ng Inuyama ay hindi nangangailangan ng nasyunalidad na Hapon. Napagdesisyunan niyang mag-apply sa Inuyama. Tinanggap ang alok at nangangakong pagsisilbihan ang ating lungsod hanggang sa abot ng kaniyang makakaya. Nagbunga ang kanyang pagsisikap at noong ika-14 ng Oktubre, nakaraang taon, nakatanggap siya ng Sulat ng Pagtanggap mula sa lungsod. Ang unang nakarinig ng balita ay ang kanyang mga magulang. Sinabi ito sa kanya ng halos tumalon sa tuwa. Si Mr. Nakada ay gustong ipagpatuloy ang maayos na pagtatrabaho. Katulad niya, gusto niya na ang ibang katulad niya na ipinanganak at lumaki sa Japan ngunit may ibang nasyunalidad ay humanap ng pag-asa at lakas sa pagiging halimbawa niya at gayundin naman, tumulong sa lipunan ng walang ipinagbabawal.

Tagapakipanayam: Multicultural Social Worker, Virginia Yumi Oshima

Notipikasyon para sa okasyon sa Inuyama

Ang Ika-3 taunang Tango-no-Sekku(Tradisyunal na Pista para sa mga batang lalaki) sa Inuyama

Ang Ika-3 taunang Tango-no-Sekku(Tradisyunal na Pista para sa mga batang lalaki) sa Inuyama Isponsor ng Inuyama Castle Town Hina Dolls Tour Committee Para sa karagdagang impormasyon: Tirahan ng Pamilya Isobe ☎ (0568)65—3444	
Ang pag display ng mga Manika para sa mga Kalalakihan (Terno ng Samurai-Armor) 	Pag-aangkopng pagsuot ng Samurai Armor at pagkuha ng litrato 
Panahon: Lunes, ika-10 ng abril hanggang Miyerkules, Ika-10 ng Mayo Lugar: Bahay ng Pamilya Isobe, Shimintei, Donden-kan (pasilyo), Welfare CenteRetail Shops, (mga 10 tindahan) sa Castle Town..	Petsa at Oras00: Huwebes, ika-4 ng Mayo at Biyernes ika-5 ng Mayo 10 ng umaga hanggang 4 ng hapon Lugar: Bahay ng Pamilya Isobe. Bayad: 200 yen kada tao. Magdala ng sariling kamera.
Paglibot sa istorya ng Bayan ng Kastilyo at Dekorasyon sa Pista ng mga Batang lalaki.	Pag-aangkop na gagawin para sa pag-gawa ng Tsurushi Kazari(dekorasyong nakabitin) para sa Pista ng mga Batang lalaki. Kintaro at iba pang dekorasyon na nakabitin
Panahon: Lunes, ika-10 ng Abril hanggang Miyerkules Ika-10 ng Mayo Nagsisimula anumang oras kapag dumating na ang mga bisita. Para sa isa't kalahating oras Mangyaring magtipon sa loob ng Bahay ng Pamilya Isobe Bayad: 1,000 yen kada tao 20 katao kada sa isang tour.	Petsa: Lunes, ika-17 ng Abril at sabado ika-22 Oras: Alas-10 ng umaga hanggang alas-12 ng tanghali sa petsang nabanggit. Lugar: Bahay ng Pamilya Isobe Kapasidad: 15 katao kada araw Panahon ng Aplikasyon: ika-1 ng Abril hanggang ika-10 Kumontak saTsurushi-kazari wo tsukurou kai (Kontakin si Yoshida-san: ☎ 090—8079—1073) 
Ang Tango-no-Sekku ay sa ika-5 ng Mayo sa Lunar Calendar, ito din ay araw na pinagdiriwang sa pagsilang ng lalaking sanggol at para sa kanyang malusog na paglaki.	
Ang ika-383 Pista ng Inuyama, Sabado Ika-1 ng Abril at Linggo, ika-2 ng Abril	
Ang pista ay buhat noong taong 1635. Sa kasalukuyang araw, ang pista na ito ay idinaraos sa unang Sabado at Lingo ng Abril. Ang pista ay itinalaga bilang isang importanteng katutubong kultura. 3 patong na nakalutang na kung saan ay itinalaga bilang pag-aari ng bayan, pagpapakita ng tradisyunal na pagpapakilos ng mga manika gamit ang mga makina na nakalagay sa bawat palutang. Hindi lang ang mga de makinang manika kundi pati na rin ang isang tradisyunal na banda ay nakasakay. Ang ilang manununugtog ay tumutugtog ng mga drums at flute nang sa gayon makapagsayaw ang mga manika kasama ang mga bandang tumutugtog ng musika. Mayroong 13 na palutang na dekorado ng 365 parol sa gabi. Ang eksena ng parade sa iba't ibang dako ng kastilyo sa gitna ng mga namumulaklak na puno ng Cherry-Blossom ay napakaganda! Noong Disyembre taon 2016, ang Pista ng Inuyama ay itinalaga bilang isang napakahalagang kulturang pamana sa pamamagitan ng pang-edukasyon ng Nagkakaisang Bansa , Siyentipiko at Kultural na Organisasyon.	
Para sa karagdagang impormasyon, Pangkat ng Pagbuo ng Historya ng Bayan, Lupon ng Edukasyon ng Inuyama ☎ (0568)44—0354	

Pagaaral at Klase ng Nihonggo sa Lungsod ng Inuyama

- Petsa at Oras: Alas-10 ng umaga hanggang 11:45 ng umaga tuwing linggo
- Lugar: International Center Freude ng Inuyama(4 Chome 21, Matsumoto, Inuyama City)
- Matrikula: 500 yen kada buwan. Ang matrikula ay kinokolekta sa unang klase ng buwan.
 Kahit na sa kaligmita ng buwan pumasok kayo ay magbabayad parin ng 500 yen. Ang klase ay hinati sa apat na pangkat. Inaasahan naming na ang mga banyagang residente ay matuto ng wikang Hapon at magkaroon ng mga pagkakaibigan sa isa't isa. Kaya huwag mag-atubili na sumali.
- Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Inuyama International Association Office ☎ (0568) 61—1000
 Bukas ng alas-9 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon sa karaniwang araw, sarado sa ika-2 at ika-4 na Lunes kada buwan. Sarado din sa mga Nasyonal na Holidays at Pulang kalendaryo.

Listahan ng mga Klinika sa Oras ng Pangangailangan**Mga Klinika sa Araw ng Linggo at Pampublikong Nasyonal na Holidays (sa araw)**

▼Lugar: Klinika sa Lungsod ng Inuyama

Add: 1-70, Goromaru Higashi, Lungsod ng Inuyama ☎ (0568) -62-8100

▼Oras ng Tanggapan: 8:30 -11:30 ng umaga (Ang pagkonsulta ay nagsisimula ng alas-9 ng umaga)
1:30- 4:15 ng hapon (Ang pagkonsulta ay nagsisimula ng alas-2 ng hapon.)**Klinika sa Oras ng Pangangailangan (sa gabi)**

▼Lugar: Pakitignan ang mga listahan ng mga sumusunod na trabaho sa klinika

▼Oras ng Pagkonsulta: Alas-5 ng hapon hanggang alas-8 ng gabi

■Para sa Karagdagang impormasyon, Kontakin ang Seksyon ng Pagpapaunlad ng Kalusugan (Shimin Kenko Kan)

☎ (0568) 63-3800



		Internal Medicine			Surgery		
M	D	Pangalan ng Institusyong Medikal	TEL	Lokasyon	Pangalan ng Institusyong Medikal	TEL	Lokasyon
4	2	Kurokawa Sukoyaka Clinic	61-0083	Inuyama	Takeuchi Seikeigeka Clinic (Orthopedics)	61-7311	Inuyama
	9	Itatsu Naika Clinic	67-6333	Gakuden	Niwa Jibiinkoka (ENT)	67-6868	Haguro
	16	Miyata lin	67-5566	Haguro	Kobayashi Jibiinkoka (ENT)	61-3154	Inuyama
	23	Heart Clinic Sawada	62-5536	Inuyama	Takeuchi Hifuka Clinic (Dermatolohiya)	62-7511	Inuyama
	29	Sumire Naika Clinic	68-0025	gakuden	Takuya Seikeigeka (Ortopediko)	69-1800	Gakuden
	30	Inuyama Eki Nishi Byoin	61-2017	Inuyama	Matsumura Clinic	61-1488	Inuyama
5	3	Yoshida Naika Clinic	62-9222	Inuyama	Mother Clinic Happiness (Obstetrics Gynecology) (Marunong sa Pagpapaanak)	63-4103	Jyoto
	4	Miyazaki Seikeigeka • Geka • Naika	68-0461	Haguro	Miyata Ganka (optalmolohiya)	61-0200	Inuyama
	5	Midori Shinryojo	67-3311	Haguro	Sato Byoin	67-7660	Haguro
	7	Jyonan Clinic	61-0132	Inuyama	Kobayashi Ganka	62-7278	Inuyama
	14	Murakami Naika	62-2201	Inuyama	Ishihara Geka (Surgery)	62-2855	Inuyama
	21	Ando lin	61-0316	Inuyama	Mother Clinic Happiness (Obstetrics Gynelogy) (Marunong sa Pagpapaanak)	63-4103	Jyoto
	28	Ando Clinic	62-8881	Jyoto	Miyata Ganka	61-0200	Inuyama
6	4	Yoshida Naika Clinic	62-9222	Inuyama	Sato Byoin	67-7660	Haguro
	11	Miyazaki Seikeigeka • Geka • Naika	68-0461	Haguro	Kawamura Seikeigeka (ortopediko)	67-1134	Gakuden
	18	Midori Shinryojo	67-3311	Haguro	Kuwabara Clinic	61-1118	Jyoto
	25	Kimura Naika	67-0008	Haguro	Yamamoto Hifuka Clinic (dermatolohiya)	62-6855	Inuyama

Pampahayagang Kasulatan ng Inuyama:

Inilathala ng Munisipyo ng Inuyama

〒484 - 8501 Aichiken Inuyamashi Oaza Inuyama Aza Higashihata 36

Iniedit ng Samahang Internasyunal ng Inuyama

〒484 - 0086 Aichiken Inuyamashi matsumotocho4-21 Inuyama International Tourism Center
『Freude』

TEL : (0568) 61-1000

FAX : (0568) 63-0156

E-mail : iaa@grace.ocn.ne.jpHP : <http://iea.info>

Staff : (English) Kusakabe Kazuro, Uchimura Hidetomo, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Emanuele Ito, Lesley Walter, Tanaka Miki, Nakamura Yoriko

(Spanish) Carlos Tawara, Ruiz Bulnes Ricardo Arto Hishikawa Chiduko, Mishali Kuwagaki

(Portuguese) Marcos Yara, Terano Hide, Bruno Sueishi, Lucimare Terada, Edison Kakihara, Feitosa Pvreza Osmar

(Chinese) Wu huixing, Ma xianyuan, Harita Misako, Fukuda kazue, Takamori Yuko

(Viet-Nameese) Ngo Thi Thuy, Dinh Trong Dinh, Pham Van Trong, Nguyen Duy Lap, Nguyen Thin Huong

Ang mga basurang nasusunog ay dapat itapon sa itinalagang lalagyan ng basura!

Ang mga basurang hindi nakalagay sa itinalagang lagayan o plastik ay hindi kokolektahin.




Mangyaring gamitin ng maayos ang itinalagang basurahan para sa mga basurang nasusunog, ilabas sa tamang oras at tamang lagayan kung saan ito kinokolekta.

Wag pagsamahin ang basurang nasusunog sa hindi nasusunog (lata, atbp). Kapag ito'y pinagsama, hindi ito kokolektahin

☆ Basurang maaring ilagay sa itinalagang lalagyan:


- Mga basurang galing sa kusina, na kung saan dapat tanggalan ng tubig
- Goma at balat tulad ng sapatos at bag na walang metal atbp
- Mga plastic tulad ng mga laruan, hanger, palanggana, containers at iba pa.
- Mga papel na hindi na pwedeng gamitin muli at mga diaper na na walang dumi
- CDs, videotypes.
- dahon, tangkay, vines



※ Ang mga bagay na mas mahaba sa 50sentimetro sa anumang gilid ay napapabilang sa malaking basura

※ Ang mga bagay na may parting metal ay ikinakategorya sa basurang hindi nasusunog

※ Itali at bigkising ang mga pinutol na sanga na hindi na Abot sa 50 sentimetro ang haba at 10 sentimetro sa dyametro.



Kalakal na Plastik

Ang mga kalakal na Plastik na hindi hihigit sa habang 50sentimetro at walang halong metal

Hal: mga hangers, paso, at pananim

Nasusunog na Basura

- Mga bagay na kung saan ang mga metal ay hindi natatanggal ⇒ basurang di-nasusunog
- Mga bagay na may habang 50 sentimetro ⇒ malalaking basura

◆ Mangyaring sundin ang mga patakaran at paraan ng paghihiwa-hiwalay ng mga basura at mangyaring makipagkaisa para panatilihin ang lugar na pinagkokolektahan ng basura

Para sa karagdagang impormasyon: Mangyaring kontakin ang Seksyon ng Kapaligiran

☎ (0568)44-0344

Kaalaman at Pag-iingat para sa kaligtasan sa mga aksidente ng mga nagbibisikleta.

Kamakailan lamang, tumaas ang bilang ng mga aksidenteng sanhi ng mga bisiklista dahil sa kawalan ng asal pagdating sa daanan. Ang paglabag ng mga siklista sa patakaran ng trapiko ay madalas na masaksihan. Mangyaring sundin ang alituntunin ng trapiko partikular na kapag nagbibisikleta para maiwasan ang pagiging sanhi ng aksidente. Lalo na ang paggamit ng cellphone at headphones kapag nagbibisikleta at huwag din gumamit ng payon. Kapag ikaw ay sumakay ng bisikleta sa gabi, hindi lang dapat gamitin ang head-light ng bisikleta kundi siguraduhin din na maglagay ng reflector sa iyong bisikleta at sa inyong damit nang sa gayon ay ikaw ay madaling mapansin. Piliin ang mga ruta na may ilaw sa kalye para mabawasan ang posibilidad ng aksidente

☆Parusa para sa madalas na paglabag sa batas trapiko ng bisikleta ☆

Pinagkunan:
Polisya ng Aichi
Prefecture

Parusang kabayaran na di hihigit sa 20,000 yen



Pagsakay ng dalawa sa isang bisikleta



Magkatabing pagbibisikleta

Pagkakabilanggo ng hindi lalagpas sa 3buwan. kabayaran na di hihigit sa 50,000 yen



Pagwalang bahala sa ilaw-trapiko



Pagwalang bahala sa stop-sign



Pagbibisikleta sa kanang bahagi ng daan. Sa Japan, ang mga bisikleta ay nararapat na dumaan sa kaliwang parte.

Parusang Kabayaran na hindi lalagpas sa 50,000 yen



Pagbibisikleta ng hindi gumagamit ng head-lights sa oras ng gabi



Paggamit ng payong habang nagbibisikleta



Paggamit ng cellphone habang nagbibisikleta



Paggamit nghead-phones habang nagbibisikleta

Kapag ikaw ang naging sanhi ng aksidente habang ikaw ay nagbibisikleta...

ikaw ay maaaring maging dahilan o biktima. Kapag ikaw ang dahilan, ikaw ay responsible sa mga pinsalang dapat bayaran. Ang gastos ay pwedeng umabot sa milyong dosena ng yen.

【2 kaso ng aksidente na kung saan sangkot ang pagbibisikleta】

Pinagkunan:
Pakalahatang Seguro ng Japan

<gastos ng kabayaran: 95.21 million yen> isang estudyante ula sa paaralang elementarya (11 taon gulang) ay nagbibisikleta pauwi sa kanilang tahanan. Nabangga niya ang isang matandang babae(62 taon gulang) na noon ay naglalakad sa kalye ng wala sa tamang lakaran. Bumagsak ang matanda at lubhang naapektuhan ang kanyang ulo na naging sanhi ng pagkabasag ng kanyang bungo at pagkawala ng malay. Ang kanyang malay ay hindi padin bumabalik hanggang ngayon.

<gastos ng kabayaran: 92.66 million yen> Isang lalaking estudyante mula sa hayskul ang nagbibisikleta. Tinawid niya ang daanan ng mga sasakyan patawid sa kabilang interseksyonng parte ng kalye. Bumangga ang bisikleta ng batang lalaki sa isang manggagawa ng kompanya (24 taon gulang) na noon ay nakasakay sa kanyang bisikleta. Bumagsak ang manggagawa at lubhang naapektuhan ang kanyang ulo. Ang aksidente ay naging dahilan ng pagkakaroon niya ng malubhang karamdaman.

Ang personal na pananagutan ng seguro ay epektibo para sa mga aksidenteng nabanggit sa itaas.

Aming inirerekomenda na mag sign-up para sa Patakaran ng Pagseseguro

Para sa karagdagang impormasyon: Kaligtasan ng Trapiko at Koponan ng pag-iwas sa Krimen, Seksyonng Pampook na Kaligtasan, Munisipyo ng Inuyama

☎ (0 5 6 8) 4 4 - 0 3 4 7